# Prologue

"P-Paula, ipangako mong hindi mo p-pababayaan ang anak ko. Sa 'yo ko s-siya ipagkakatiwala dahil alam ko na m-mapapalaki mo siya nang maayos. Huwag mo siyang ibibigay sa p-pamilya ni Luigi," hirap na hirap na pakiusap ni Pauline kay Paula.

"Pero, Pauline… may karapatan din si Luigi sa kanyang anak. Bakit mo siya pagkakaitan ng pagkakataon na makapiling ang bata?" katuwiran niya sa kakambal na nito lang niya nalamang may malala palang sakit.

Sa kabila ng paghihirap sa mukha, tumigas ang anyo ni Pauline. "Hindi niya mahal ang anak ko. Lagi siyang walang panahon sa aming mag-ina. Sa mga pagkakataong k-kailangan namin siya ay laging idinadahilan niya ang trabaho sa opisina. May palagay akong may ibang babae si Luigi." Tumigil sandali si Pauline sa pagsasalita upang humagip ng kinakapos na hininga. Nanubig ang mga mata nito. "Alam kong hindi ako naging mabuting kapatid sa iyo at anak kina Mamang at Papang pero alam kong hindi mo ako bibiguin sa pakiusap ko sa iyo. Kung

anuman ang mga kasalanang nagawa ko sa inyo ay patawarin ninyo na sana ako. Pakisabi rin kina Papang at Mamang na mahal na mahal ko silang dalawa. Mahal din kita, Paula. Nagsisisi na ako sa mga ginawa ko sa iyo noon."

Awang-awa si Paula sa hitsura ng kakambal. Batid niya ang hirap na pinagdadaanan nito ngayon subalit hindi niya magawang pigilan ito. Alam niyang ito na ang tamang pagkakataon para masabi lahat nito ang mga kailangang sabihin.

Himalang ang lahat ng kanyang sama ng loob sa kapatid ay dagling naglaho. Batid niyang kung naroroon ang kanilang mga magulang ay gayundin ang mararamdaman ng mga ito. Alam niyang mananaig pa rin sa mga ito ang pagmamahal para kay Pauline.

Sinulyapang muli ni Paula ang natutulog na pamangkin na kalong ng yaya nito na kinuha niya para sa bata. Nakaupo ang kasambahay sa isang settee sa loob din ng hospital room ni Pauline.

"Kalimutan mo na ang mga bagay na iyon, Pauline… malaon ka na naming pinatawad nina Papang at Mamang. Ngunit tungkol doon sa

ipinakikiusap mo, paano kung maghabol ang asawa mo? Natitiyak kong sa mga oras na ito ay hinahanap na niya kayo. Ano ang sasabihin ko sa kanya?"

Hinintay ni Paula ang magiging kasagutan ng kapatid subalit nang hindi pa rin ito tumutugon ay napalingon siya sa kinahihigaan ng kakambal. At ganoon na lang ang panlulumo niya dahil payapa nang nakapikit ang kanyang kapatid. Bakas pa sa mga labi nito ang tipid na ngiti.

# 1

"Mommy! Yehey, 'andito ka na!"

Tuwang-tuwa ang limang taong gulang na pamangkin ni Paula nang salubungin ang pagpasok niya sa kabahayan. Humalik sa pisngi ng bata ang dalaga.

"Hello, baby. Why, are you waiting for me?"

"I want to show you these. Look, o. Binigyan ako ni Teacher ng maraming stars. Iba-iba pa nga ang sizes, eh. Tingnan mo."

At nagyayabang na ipinakita ng bata ang mga papel na nagtataglay ng mga stars galing sa teacher ng bata. Tuwang-tuwang si Paula dahil bibo at matalino ang pamangking si Louis.

Nang araw na mamatay si Pauline ay nagdalamhati silang lahat gayundin ang bata ngunit paglipas ng ilang buwan ay pinilit ni Paula na ibalik ang dating sigla nito. At dahil iisa ang mukha nila ng kanyang kakambal ay hindi gaanong nahirapan ang dalaga.

Sa katunayan ay ito pa nga ang nagtanong kung

okay lang daw ba kung 'mommy' na rin ang itawag nito sa kanya. Kaya simula noon ay nagkaroon siya ng instant baby. Masayang-masaya si Paula dahil napakalambing nito. Hindi rin matigas ang ulo nito kaya hindi sila kailanman nahirapang mag-alaga ng yaya nitong si Carmen.

Sa kabila ng murang edad na ito ni Louis ay madali itong makaunawa ng mga bagay na ipinaliliwanag dito.

Natatandaan pa niya nang araw na dumating ang kanyang kakambal dito sa kanyang tinitirhang apartment, kasama ang anak. Wala silang kaalam-alam ng kanyang Mamang at Papang na tatlong buwan na pala itong hiwalay sa asawa at dumadanas pa ng cerebrospinal meningitis na wala nang lunas.

Kung tutuusin ay magkaiba ang ugali nilang dalawa ni Pauline. Moderna ito at napakahilig sa mga sosyalan. Samantalang siya ay medyo may pagkamahiyain. Hindi siya komportable kapag nasa harap ng napakaraming tao. Dala-dala niya ang ugaling iyon hanggang magdalaga silang magkapatid.

Dahil sa ugali nitong iyon, hindi na sila nagulat nang umalis si Pauline sa Bacolod at manirahan sa Manila. Ayon dito, hindi umano ito nababagay sa

probinsyang kanilang kinalakhan. Mula noon ay nakakabalita na lang sila mula rito kapag sumusulat ito sa kanila na hindi naman nito madalas gawin.

Malapit na ang graduation ni Paula nang minsang makatanggap siya ng sulat kay Pauline na nagsasabing mag-aasawa na ito. Diumano, na-love at first sight ito sa among si Luigi dela Serna. Ayon pa sa kuwento nito, napakayaman ng pamilya nina Luigi ngunit hindi mapagmataas. Isang buwan pa lamang itong magkakilala ay napagkasunduan na ng dalawa na magpakasal.

Kahit hindi nagsasalita, batid ni Paula na masamang-masama ang loob ng kanyang mga magulang dahil sa madaliang pag-aasawa ng kakambal na hindi man lang hinayaang masaksihan nila bilang kapamilya nito. Mula noon ay madalang na silang makabalita tungkol kay Pauline.

Kaya naman ganoon na lang ang naging pagtangis ng kanyang Mamang at Papang nang itawag niya na nasa bahay niya ang kapatid at may malubhang sakit. Nang gabing iyon, bago pa man nakaluwas ang mga magulang mula sa Bacolod, pumanaw na si Pauline. Tinulungan siya ng mga ito sa pag-aasikaso ng mga labi nito hanggang maihatid ito sa huling hantungan.

Bilang pagbibigay-galang sa asawa ni Pauline na si Luigi ay pilit na humanap ng paraan si Paula na maiparating rito ang nangyari kay Pauline.

Sinubukan niyang tawagan ang numero ng telepono na nakuha niya sa mga gamit ni Pauline.

“Hello, dela Serna residence. Sino po sila?” anang tinig sa kabilang linya.

“Ahm, puwede bang makausap si Mr. Luigi dela Serna? May importanteng bagay lang akong sasabihin sa kanya,” kinakabahang saad ni Paula.

“Naku, I’m sorry po, Ma’am… pero nasa Amerika po si Sir Luigi.”

Sila? Sino kaya ang kasama nito?

“Kailan pa sila nagpunta doon? At kailan sila uuwi?”

“Ay, di ko lang po alam. Ang alam ko po, may mga pupuntahan pa silang ibang bansa bago umuwi. Teka po… sino po ba sila?”

Naalala niya ang sinabi ni Pauline tungkol sa kawalan ng oras ni Luigi rito at sa anak nito. Ang sinabi ng katulong ay patunay lang na tama ang kakambal niya. *Who knows, baka nagliliwaliw iyon ngayon kasama ang babae nito*, gaya ng hinala ni

Pauline.

Hindi na sinagot ni Paula ang tanong ng babae. Maingat na lang niyang ibinaba ang telepono.

"Ano'ng sinabi ng nakausap mo?" tanong ng kanyang ina.

"W-wala daw doon si Luigi, Mamang, nasa America daw. Mukhang katulong sa bahay ang nakausap ko. Hindi daw nila alam kung kailan uuwi."

"Anong klaseng lalaki ba naman iyang napangasawa ng kakambal mo? Nakuha pang mamasyal sa Amerika gayung nakaburol ang asawa."

"Hindi ko ho nasabing patay na si Pauline."

Hindi na idinagdag ni Paula na marahil wala ring alam si Luigi sa naging sakit ng asawa. Ayaw na niyang dagdagan pa ang hinanakit na nadarama ng mga magulang sa kanyang bayaw.

Nang mailibing si Pauline ay nagbalik na sa Bacolod ang kanyang mga magulang. Bago iyon ay nagkausap pa sila. Mas gusto sana ng mga ito na dumoon na siya sa probinsya para hindi mahirapan sa pag-aalaga sa bata. Pinaliwanag niya sa mga ito na naroon ang yaya ni Louis kaya hindi iyon magiging

mahirap. Isa pa, nasa Maynila ang trabaho niya.

Dahil doon ay wala nang nagawa ang kanyang mga magulang kundi ang bumalik sa Bacolod nang hindi sila kasama.

Minsang sinubukan ni Paula na puntahan ang tirahan ng bayaw na nakasaad sa address book ng kapatid. Halos malula siya dahil sa laki ng bahay na kanyang natatanaw mula sa kanyang kinaroroonan. Kinakabahan man, napilitan siyang umibis sa kanyang sasakyan upang makalapit sa tarangkahan niyon.

Ngunit hindi siya pinapasok ng naroong katulong dahil wala pa umano ang amo nito at nasa ibang bansa pa.

Napailing na lang siya. Wala bang halaga kay Luigi ang kapatid niyang si Pauline? Bakit nagawa nitong manatili ng ganoon katagal sa ibang bansa nang hindi man lang kino-contact ang asawa? Ibig bang sabihin niyon ay hindi man lang pinagkaabalahang hanapin ang kapatid niya mula noong umalis ito sa bahay nito?

Umuwing naguguluhan ang dalaga. Pababayaan na lang niya ang sitwasyon sa kasalukuyan. Kung talagang nakalimutan na ni Luigi ang asawang si

Pauline ay wala na siyang magagawa.

Ang pagtutuunan na lang niya ng pansin ay ang pamangking si Louis, tutal ipinaubaya na sa kanya ng kapatid ang pag-aalaga rito.

Kaya naman sa paglipas ng ilang araw ay lalong nagkalapit ang kalooban nina Paula at Louis sa isa't isa. Kung ituring niya ito ay parang sariling anak. Pero hindi pa rin niya maiwasan ang mangamba. Paano kung dumating ang panahong kuhanin na sa kanya ang bata? Makakaya kaya niyang ibigay si Louis dito?

Iyon ay kung may interes pa ang lalaki sa anak dahil hanggang ngayon ay ipinagtataka pa rin iyon ni Paula. Lalo pa ngayon na minsan ay hinahanap ito ng bata. Ano ba talaga ang nangyari at umalis sina Pauline sa poder ni Luigi?

Walang nababanggit si Pauline sa sulat na nagpahayag na nais ni Luigi na makilala ang pamilya ng napangasawa. Hindi tuloy niya maiwasang magduda. Wala kaya talagang interes si Luigi na makilala sila?

Bagaman nakapangako siya kay Pauline na hindi niya ibibigay ang bata rito ay alam naman niyang mas higit na may karapatan si Luigi kay Louis

dahil ito ang ama ng bata.

Sa ngayon ay gagawin na muna niya ang mga tungkuling hindi nagawa ni Pauline sa anak dahil sa pagpanaw nito.

Ngayon nga ay proud na proud siya dahil lumalaking matalino ang bata.

“Uy, very good ang baby ko, ah. Manang-mana ka sa Mommy, ah. Because you did well in school, bibigyan kita ng premyo. Ano’ng gusto mo?” malambing na tanong ni Paula.

“Kain tayo sa labas, Mommy. Isama natin si Yaya. ’Tapos, bili tayo ng toys. Di ba po sabi mo pag mataas ang grades ko sa school, bibili mo ako ng bagong toy?”

Nagkunwaring walang alam si Paula. “May sinabi ba akong ganoon?”

Umaktong nagtatampo ang bata. “Ang daya naman ni Mommy. Nagpa-promise ’tapos hindi naman tinutupad. Para ka rin po palang si Mommy first, eh. Ganyan siya noon, daming promise, wala naman pong tinutupad. Laging sinasabi sa aking may pupuntahan pa siya. ’Tapos, ayaw naman po akong isama.”

Natigilan si Paula. Ngayon lang nagkuwento si Louis ng tungkol sa tunay nitong ina. At hindi niya akalain na may hinanakit pala ito kay Pauline. Dahil kilala niya ang ugali ng kakambal, natitiyak niyang hindi nagsisinungaling si Louis.

"Bakit, saan daw siya pupunta at hindi ka puwedeng isama?" tanong niya.

"Ewan ko po. Kasama niya po ang mga friends niya. Minsan nga hindi siya pinayagan ni Daddy na umalis, narinig ko pong inaaway niya si Daddy. Kahit po sinabihan siya ni Daddy na 'wag umalis, umaalis pa rin po si Mommy. Kaya laging umiinom ng beer si Daddy," tuluy-tuloy na kuwento ng bata. Bakas sa inosenteng mukha nito ang pagdaramdam.

She sighed. "Sige, huwag mo na lang isipin iyon. Tutal matagal na namang nangyari iyon, di ba? At saka nagbibiro lang naman ako. Hindi ko naman nakakalimutan iyong promise ko sa iyo kaya huwag nang magtampo ang baby ko, ah. Sabihin mo kay Yaya na bihisan ka na niya at pati 'ika mo siya ay magbihis na rin dahil kakain tayo sa labas."

"Yehey!" Nagtatalon ito sa tuwa. "At pagkatapos ay mamamasyal din tayo, Mommy, ah?"

"Yes, baby."

Tuwang-tuwang hinanap na ng bata ang yaya nito.

# 2

Pagdating sa mall ay pinababa na muna ni Paula ang bata at ang yaya nito sa entrance door. Sinabi niya sa dalawa na umuna na sa loob at ipa-park lang nang maayos ang kotse. Doon na lang sila magkikita sa paboritong fast food restaurant ng bata.

Nakahanap naman kaagad ng magandang puwesto ang dalaga. Maayos niyang ipinarada ang kanyang kotse sa tabi ng isang bagung-bagong *Mercedes Benz* na kulay puti. Napangiti si Paula.

*Mukhang alangan dito ang kotse ko, ah. Oo nga at naka-*Honda Civic *naman ako kaya lang ay secondhand ito nang mabili ko,* ang iiling-iling na sabi ng dalaga sa sarili.

Kunsabagay, kung titingnan ay mukhang bago pa ang sasakyan niya dahil mahusay siyang mag-alaga. At ayos lang naman sa kanya kahit secondhand dahil ang mahalaga lang ay may sasakyan siyang nagagamit, lalo na kapag kailangan niyang bumiyahe dahil sa trabaho niya.

Isang Veterinary Medicine graduate ang dalaga at kasalukuyang Farm Consultant sa *Trias Lab*, isang

malaking kompanya ng gamot at pagkain para sa mga hayop. Hindi naman siya full-time doon dahil mas pinili niyang on consultation basis lang siya.

Ang trabaho niya ay magtungo sa iba't ibang piggery and poultry farms para mag-introduce at mag-test ng newly-formulated feed ingredients at veterinary drugs na exclusive products ng kompanya nila.

Nagtapos siya nang may karangalan sa *University of the Philippines* sa Los Banos, Laguna. At bagaman maayos ang pamumuhay nila sa Bacolod, mas ginusto niyang dito sa Maynila manirahan dahil malapit ito sa kanyang trabaho.

Isa pa ay nagbukas din siya ng kanyang private clinic tatlong kanto lang ang layo sa apartment na kanyang tinitirhan. Kapag wala siyang biyahe ay roon siya sa clinic naglalagi upang manggamot ng mga hayop.

Doon sila hindi magkasundo ni Pauline. Kung siya ay mahilig sa mga pet animals, ang kanyang kakambal naman ay diring-diri sa amoy ng mga ito.

Nalungkot na naman si Paula pagkaalala sa kapatid. Mabuti na nga lang at may isang Louis na tanging alaala nito sa kanila.

Binigyan niya ng huling sulyap ang kanyang sasakyan, maging ang sasakyang puti na katabi nito bago tuluyang bumalik sa entrance ng mall.

---

Pagpasok ni Paula sa mall ay naagaw ang pansin niya ng isang lalaking nakaupo malapit sa dingding na salamin sa loob ng isang Chinese restaurant. Malakas na personalidad ang ibinabadya ng bawat pagbuka ng bibig nito habang nakikipag-usap sa isang taong tingin niya ay kagalang-galang din kagaya ng lalaki dahil sa mga kasuotan ng mga ito. At dahil nakatagilid sa kanya ang lalaki ay malaya niyang napagmasdan ang anyo nito.

Kapansin-pansin ang tangos ng ilong nito, ang pangahan nitong mukha ay waring nagpapakilala na may malakas itong character. Marahil ay nakaramdam ito na nakatingin siya, saglit itong lumingon sa direksyon niya at nagkaroon siya ng pagkakataong makita ang makakapal nitong kilay at mapupungay na mata. Gayundin ang mga labi nitong kanina ay waring kumikibot sa bawat pagbuka habang nakikipag-usap sa lalaking kaharap nito.

Saglit na nagtama ang mga mata nila ng lalaking nakakuha ng kanyang atensyon. Ang simpleng paghanga na nararamdaman niya para

rito ay dagling nawala nang makita niyang biglang nangunot ang noo nito habang nakatingin sa kanya.

Galit ang nakita ni Paula na ibinabadya nang pamumula ng mukha ng lalaki. At nagkaroon ng pangamba si Paula na sa kanya ito nagagalit.

Waring may nagbulong sa kanya na hindi marahil nagustuhan ng lalaki ang ginawa niyang pag-aaral sa anyo nito, kaya bigla niyang inalis ang tingin dito at nagpatuloy na sa paglakad upang puntahan sina Yaya Carmen at Louis. Natitiyak niyang naiinip na ang dalawa.

*Hmph, suplado!*

---

Samantala, si Raymart ay pilit na hinahabol ng tingin ang babaeng palayo. Nakakunot pa rin ang noo niya. Nagtatalo ang kalooban niya kung susundan ba ang babaeng papalayo o ipagpapatuloy ang pakikipag-usap sa kaharap.

Ang pagtatalong iyon sa kanyang isip ay pinutol ng biglaang pagsasalita ng lalaking nasa kanyang harapan. Nabalik tuloy rito muli ang kanyang atensyon.

"Well, Mr. dela Serna, what do you think of my

proposal?”

“Oh, I’m sorry about that, Mr. Camposano. I think your proposal is feasible but let me study it further. Give me at least two days and I’ll let you know my decision.”

Pagkasabi noon ay isinara na ni Raymart ang hawak na folder na naglalaman ng proposal ng kaharap. Mayamaya ay nagpaalam na rin ang kausap niya dahil may katipan daw ito for lunch.

Naiwang nag-iisip si Raymart sa table, pero hindi tungkol sa proposal ni Mr. Camposano kundi sa babaeng galit niyang tinitingnan kanina. Bigla siyang tumayo upang sundan ang direksyong tinungo niyon.

Dinampot niya lahat ng gamit niya sa table at lumabas ng Chinese restaurant na iyon.

# 3

"Mommy, gusto ko pa ng sundae… please?"

Napatawa si Paula. "Baka naman masobrahan ka niyan ay sumakit ang tiyan mo. Alalahanin mo, Louis, hindi lang lobo ang pumuputok."

Napatingin ang bata sa kanyang yaya na walang kibo habang kumakain. "Yaya, ano ang ibig sabihin ni Mommy? Hindi naman ako lobo, di ba?"

Hindi napigilan ni Paula, maging ni Yaya Carmen na mapahalakhak. Subalit ang kanilang kasiyahan ay dagling pinutol nang may magsalita mula sa kanilang likuran.

"Mabuti naman at nakita ko rin kayo, Pauline."

Marahas ang pagkakasabi noon kaya napalingon si Paula upang tingnan kung sino ang nagsabi niyon. Ganoon na lang ang gulat niya dahil ang taong nakatayo sa kanilang likuran at mabagsik ang titig na ibinibigay sa kanila—partikular sa kanya, ay walang iba kundi ang lalaking tinitingnan niya kanina.

"Nagulat ka, ano? Akala mo siguro ay makakalayo ka na nang tuluyan. Sino ang nagsabi

sa iyong maaari mong ilayo ang bata sa kanyang ama?"

Hindi nakahuma si Paula sa talim ng tingin na ibinibigay nito sa kanya. Sino ba ito at ano ba ang pinagsasasabi nito? Wala siyang maintindihan.

Pauline. Narinig niyang tinawag siya nitong Pauline. Kilala nito ang kakambal niya! Sasabihin sana niyang nagkakamali ang lalaki subalit naunahan siyang magsalita ni Louis.

"Uncle Raymart! Why are you here?"

Lumipat ang tingin ng lalaki sa bata at kitang-kita ni Paula na ang poot sa mga mata nito ay nahalinhan ng tuwa at pagsuyo.

"Hello, Louis. Kumusta ka na? Matagal ka nang hinahanap ng daddy mo. Alam mo bang nalungkot siya simula nang umalis kayo ng mommy mo? Hindi mo ba siya nami-miss?"

"Sorry po."

"We'll talk later." Nilinga nito ang yaya ng bata. "Puwede bang pakihugasan ang kamay ng bata."

Agad namang tumalima ang inutusan at niyakag ang bata patungo sa rest room ng kainang iyon. Nang makalayo ang dalawa, agad na ibinalik ng lalaki ang

nagbabagang tingin kay Paula.

"Alam mo ba ang idinulot sa kapatid ko nang biglaan ninyong pag-alis? Tama talaga ang mga naging palagay ko sa 'yo nang araw na sabihin sa akin ni Luigi na magpapakasal kayo," mahina ngunit punung-puno ng panunumbat na saad ng lalaki.

"Teka, hindi ko alam ang sinasabi mo. Nagkakamali ka ng palagay sa akin. Hindi ako ang taong tinutukoy mo! Hindi ko kilala ang kapatid mo."

Lalong nagalit ang lalaki. "Ano'ng hindi kilala ang pinagsasasabi mo? Ikaw ang asawa niya, so paano mangyayaring hindi mo siya kilala?"

"P-pero i-iyon ang totoo. I'm Paula… ako ang kakambal ni Pauline." Nagugulumihanan at natatakot na siya. May ilang customers ang napapatingin na sa kanila.

"Huwag ka nang magmaang-maangan pa. Kung inaakala mong mapaglalalangan mo ako dahil sa pagbabago ng paraan ng iyong pananamit ay nagkakamali ka. Paula o Pauline ay sasama ka sa akin ngayon."

"A-aba… a-at bakit, a-ano ba talaga ang—"

Hindi natapos ni Paula ang sasabihin dahil narinig nilang nagsalita sa kanilang likuran ang kanyang pamangkin. Nakabalik na pala agad sina Louis at ang yaya nito.

"Bakit ka nagagalit sa Mommy, Uncle Raymart?"

"Ah, hindi naman sa nagagalit ako. Kaya lang ay naaawa kasi ako sa daddy mo. Tinatanong ko lang ang mommy mo kung bakit matagal bago kayo nagpakita sa akin. May sakit ang daddy mo ngayon at wala siyang sinasabi sa akin maliban sa gusto niya kayong makita."

Biglang nag-alala ang bata. "Ha? May sakit ang Daddy? Kailan pa siya nagkasakit, Uncle Raymart? Gusto kong makita ang Daddy."

Umiyak si Louis pagkasabi noon kaya naman nabagbag ang kalooban ni Paula. "Don't cry, baby. Hayaan mo at dadalawin natin siya bukas. Ibibili tuloy natin siya ng prutas na dadalhin mo sa pagdalaw natin sa kanya, nang sa gayon ay gumaling agad siya."

Pilit na kinalma ng dalaga ang bata upang tumigil ito sa pag-iyak.

"Hindi na natin ito ipagpapabukas pa dahil pupunta na tayo ngayon kay Luigi. Tapusin na ninyo

ang pagkain at aalis na tayo patungo sa ospital na kinaroroonan niya." Maawtoridad ang tono na ginamit ng lalaki kaya hindi ito nagustuhan ng dalaga. Hindi siya sanay na may nagmamando sa kanya.

"Sandali nga lang, Mr. dela Serna. Sinabi kong bukas kami dadalaw sa daddy ni Louis kaya huwag—"

Hindi nakuhang tapusin ng dalaga ang sasabihin dahil sa matigas na anyo ng lalaki nang tumingin ito sa kanya. "Bakit ipagpapabukas pa kung puwede namang ngayon na? At isa pa, hindi mo ako masisisi kung wala na akong tiwala sa 'yo. Baka kung saan mo na naman dalhin ang pamangkin ko kapag hinayaan ko kayong makaalis ngayon." Nilingon nito ang mga kasama niya. "Pakiayos na ang gamit ni Louis at nang makaalis na tayo ngayon din. Halika na, Louis."

Tumayo ang paslit at akmang aabutin na ang kamay ng lalaki nang mapatingin ito kay Paula na hindi pa rin natitinag sa kanyang kinauupuan. Hindi maitago ng dalaga ang inis na nararamdaman para sa aroganteng lalaki.

"Mommy, halika na. Puntahan na natin ngayon ang Daddy, please."

Sa pakiusap na iyon ng bata ay napilitan siyang isantabi muna ang galit na nararamdaman. Sasamahan niya ang bata para dalawin ang may sakit nitong ama.

---

Nagtungo sila sa parking lot upang puntahan ang sasakyan ng lalaki. Nagulat pa siya nang makita niyang ang tinutumbok ng lalaki ay ang puting sasakyan na kanyang hinahangaan kani-kanina lang—ang puting-puti at bagong modelo ng *Mercedes Benz*. Naisip niyang the car suited the personality of its owner.

Binuksan ng lalaki ang pinto sa likod at pinasakay si Louis doon kasama ng yaya nito. At pagkatapos ay ang pinto naman sa tabi ng driver's seat ang binuksan nito.

"O, sakay na. Natitiyak kong matutuwa si Luigi kapag nakita kayo." Matigas pa rin ang anyo ng lalaki habang sinasabi sa kanya iyon.

"Wait, dala ko ang kotse ko. Doon na lang ako sasakay at susunod na lang ako sa inyo."

"Bakit magdadalawa pa tayong sasakyan, gayong kasya naman tayong apat dito sa kotse ko? Isa pa ay magiging mahirap para sa akin ang

magmaneho habang tinitingnan kung nasa likod pa rin ba kita. Iwanan mo na lang ang sasakyan mo rito tutal naman ay mahigpit ang security nila dito. At kung inaalala mong baka mawala ang kotse mo ay ipagbibilin na lang natin ito sa guwardya."

Makikipagtalo pa sana ang dalaga pero nakita niya ang nagsusumamong tingin ng kanyang pamangkin kaya wala na siyang nagawa kundi sumakay at maupo sa unahan ng sasakyan nito. Walang kibo ang lalaki habang nagmamaniobra paalis sa lugar na iyon.

# 4

Naunang pumasok si Louis kasama ng yaya nito sa silid ng hospital na kinaroroonan ni Luigi. Nang akmang susunod si Paula papasok ay hinawakan siya ni Raymart sa braso.

"Luigi is dying, Pauline. Tinapat na ako ng doktor niya. I'm warning you. Huwag kang gagawa ng anumang bagay na maaaring ikasama ng kanyang loob. Alam ko naman na wala ka talagang pagmamahal sa kapatid ko, pero sa pagkakataong ito ay binabalaan kita," anito sa tinig na marahas. "Kung kinakailangan mong magsinungaling ay gawin mo. Sanay ka naman doon, di ba? Kung ako lang ang masusunod ay ayaw ko na sanang magkita pa kayong dalawa ni Luigi pero mahigpit ang pakiusap niyang hanapin ko kayo at dalhin dito."

Naniningkit ang mga matang pinalis ng dalaga ang kamay ng lalaki na nakahawak sa kanyang braso. "Kanina ko pa nililinaw sa iyo, hindi ko lang maintindihan kung bakit ayaw mo akong paniwalaan. Pero uulitin ko sa iyo, hindi ako si Pauline. Ako ang kakambal niyang si Paula."

Marahas na hinawakan ni Raymart sa

magkabilang balikat niya. "At talaga nga palang sagad hanggang buto ang kasamaan mo. Pagkatapos mong lokohin ang kapatid ko kahit alam mong mahal na mahal ka niya ay nag-iimbento ka naman ngayon ng kung anu-anong kuwento? Nagkakamali ka kung inaakala mong madali mo akong maloloko."

"Bitiwan mo ako, nasasaktan ako! At hindi kita niloloko. Patay na si Pauline; ako ang kanyang kakambal."

"Magtigil ka na dahil hindi ako naniniwala sa 'yo. Magpasalamat ka at kailangan ka ng kapatid ko dahil kung hindi… kanina ko pa sana ginawa ang matagal ko nang gustong gawin sa iyo." Hindi nawawala ang nagbabantang tono sa tinig nito.

Kinabahan na siya. "P-please… y-you have to believe me. Hindi ko alam ang mga pinagsasasabi mo. Pauline just died of meningitis, last week lang. I tried to tell Luigi about it pero wala siya rito sa Pilipinas, ayon sa taong nakausap ko sa telepono. Nang mailibing siya ay pinuntahan ko ang bahay ni Luigi pero hindi pa rin daw ito nakakabalik."

Hindi napigilan ni Paula ang pagsungaw ng luha sa sulok ng kanyang mga mata nang maalala ang kakambal. Isa pa, natatakot siya sa lalaking ito dahil pakiramdam niya ay nakahanda itong saktan

siya.

Hindi niya tuloy mapigilan ang sariling magtanong sa isip kung ano ang ginawa ni Pauline at gayon na lang ang galit ng lalaking ito?

"I said stop!" mariing singhal nito.

Napigilan ang anumang sasabihin ng binata nang bumukas ang pinto at sumungaw roon si Louis.

"Mommy, halika. Tingnan mo ang Daddy. Ang payat-payat na niya. Saka hinahanap ka niya, Mom."

Tiningnan siya ng binata na tila sinasabing, "Iyan ba ang sinasabi mong hindi ikaw si Pauline?"

"O, sige halika na sa loob. Tingnan natin ang Daddy mo."

Hinila na ni Paula sa kamay ang bata sa kagustuhan niyang makalayo sa mga pang-uusig ng lalaki.

---

Pinagmasdan ni Paula ang lalaking nakahiga sa kama. Kahit sino ang makakita rito ay sasabihing malala na talaga ang karamdaman nito. Nakapikit ito at bagaman may sakit ay bakas pa rin ang kaguwapuhang taglay nito. Malaki pala ang hawig

nito kay Louis.

Marahil ay naramdaman ng lalaki na may nakatayo sa gilid ng kama nito kaya unti-unti nitong iminulat ang mga mata. Ganoon na lang ang kasiyahan sa mukha ng lalaki nang makita sila nito.

“P-Pauline, salamat at nagbalik ka na. Natutuwa ako at narito na uli kayo ni Louis sa aking piling. I’ve missed you so much.” Kahit nahihirapang magsalita ay pinilit ni Luigi na maiparating sa inaakalang si Pauline ang kanyang kagalakan.

Nabaghan ang damdamin niya kaya hindi niya napigilang lumapit dito at hawakan ang kamay ng lalaki lalo pa nga at pilit siya nitong inaabot.

“H-huwag ka munang magsalita at b-baka makasama sa iyo. Pasensya ka na kung ngayon ka lamang namin nadalaw ni Louis. Hindi ko naman kasi alam na may sakit ka.”

Hindi naman nagsisinungaling ang dalaga sa sinabi niyang iyon. Naitanong tuloy niya sa kanyang sarili kung alam kaya ni Pauline ang tungkol doon. Bakit wala itong nabanggit sa kanya noong nakikipaglaban din ito kay Kamatayan?

Ah, marahil ay hindi rin alam ng kakambal niya ang tungkol sa karamdaman ng asawa. Hindi

naman siguro iiwan ni Pauline si Luigi kung noon pa lang ay alam na nito iyon.

"Ang mahalaga ay narito ka na—kayo ng ating anak. Masaya na ako dahil aalagaan mo ako, hindi ba, Pauline?"

"H-hindi. I…I mean hindi ako—"

"Hindi ka nagkakamali, Luigi. Narito si Pauline upang alagaan ka. Siguro naman, magpapagaling ka na niyan dahil naririto na ang mapagmahal mong asawa."

Hindi maaaring magkamali si Paula. Hindi maitatanggi ang galit sa tinig ng lalaki nang sabihin iyon. Nakakaloko pati ang ngiti nito habang binibigyang-diin ang mga salitang iyon.

At ano ang sinasabi nitong aalagaan niya si Luigi? Hindi siya ang asawa nito kundi ang kanyang kakambal. Paano ba niya mapapaniwala ang lalaking ito na nagsasabi siya ng totoo? Ano ang kanyang gagawin? Hindi niya maaaring alagaan si Luigi!

Nakahanda na sanang isatinig ni Paula ang kanyang pagtutol subalit tinapunan siya ng nagbabantang titig ng binata. Pagkuwan ay tumingin ito sa pamangkin.

“How about you, Louis? Aalagaan mo rin ba ang daddy mo ngayong may sakit siya? Di ba, noong may sakit ka ay si Daddy mo ang parating nag-aalaga sa iyo?”

Tumango ang bata. “Opo, Uncle. Aalagaan namin ng Mommy ang Daddy. At saka pati ikaw, Yaya, di ba?”

Napatango tuloy ang Yaya Carmen nito. “Oo naman. At saka ipagpe-pray natin ang daddy mo para gumaling agad siya,” sabi pa nito upang kahit papaano ay mapanatag ang kalooban ng alaga.

Tumingin muna kay Paula si Raymart bago ito muling nagsalita. “O, paano, bro? Magpahinga kang mabuti. Ihahatid ko muna sa bahay sina Pauline at Louis. Ikukuha na rin kita ng damit upang makapagpalit ka. Pansamantala ay matulog ka muna at paggising mo ay tinitiyak ko sa iyong naririto na kami uli sa tabi mo.”

“Sige, Kuya. Itanong mo tuloy sa doktor ko kung puwede na akong umuwi. Ayoko na rito sa ospital. Doon na lang ako sa bahay magpapagaling tutal nandiyan na si Pauline para mag-alaga sa akin.”